



INILABAS NA BALITA

ILALABAS KAAGAD: Disyembre 12, 2017

KOKONTAKIN: Ralph Borrmann, 415.749.4900

Nag-utos ng Mga Alerto para sa Winter Spare the Air (Mga Alerto na Iligtas ang Hangin sa Taglamig) hanggang Huwebes Disyembre 14

Ipinagbabawal ang paggamit ng mga kagamitan para sa pagsunog ng kahoy

SAN FRANCISCO – Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay naglalabas ng pang-anim at pampitong *Mga Alerto para sa Winter Spare the Air* para sa Miyerkules, Disyembre 13, at Huwebes, Disyembre 14, na nagbabawal sa pagsunog ng kahoy, ginawang mga kahoy para sa apoy o anumang iba pang matigas na panggatong, sa loob at labas.

Mayroon pa ring malakas at patuloy na pangkat ng mataas na presyon sa Bay Area, na nagdadala ng mausok na kalangitan at tuyo at kalmadong kondisyon ng panahon sa rehiyon hanggang sa huling bahagi ng linggong ito. Ang mga kondisyong ito ay gumagawa ng baliktad na temperatura na gumaganap bilang takip, na nagdudulot ng pagbuo ng polusyon sa hangin. **Sa ngayon, ang usok mula sa mga wildfire ng Katimugang California ay papunta sa baybayin at palayo sa lugar dahil sa hanging nanggagaling sa hilaga.**

“Sa kasamaang-palad, magpapatuloy na makakakita ng mausok na kalangitan ang rehiyon dahil kinukulong ng mga lagay ng panahon ang polusyon sa hangin malapit sa lupa,” ang sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Malaki ang nagawa ng mga residente ng Bay Area na panatiliing mababa ang mga antas ng polusyon sa pamamagitan ng hindi pagsusunog ng kahoy sa haba nitong Mga Alerto para sa Winter Spare the Air.”

Labag sa batas para sa mga residente at negosyo ng Bay Area na gamitin ang kanilang mga tsiminea, kalan na gumagamit ng kahoy, mga kalan na gumagamit ng pellet, mga pit ng apoy sa labas o anumang iba pang gamit na pangsunog ng kahoy sa panahon ng *Mga Alerto para sa Winter Spare the Air*. Mayroong mga eksempsyon para sa mga tahananang walang permanenteng nakakabit na pampainit, kung saan ang mga kalan na gumagamit ng kahoy o mga tsiminea ang tanging pinagmumulan ng init. Ang sinuman na ang tanging pinagmumulan ng init ay gamit na pangsunog ng kahoy ay dapat gumamit ng gamit na sertipikado ng Ahensiya sa Proteksiyon ng Kapaligiran (Environmental Protection Agency, EPA) o ginagamitan ng pellet na nakarehistro sa Distrito ng Hangin para maging kwalipikado sa eksempsyon. Hindi na karapat-dapat para sa isang eksempsyon ang ordinaryong tsiminea.

Katulad ng usok ng sigarilyo, ang usok ng kahoy ay mayroong maliliit na katiting at mga bagay na nagdudulot ng kanser na dahilan kung bakit ito masama kapag nalanghap sa loob at labas ng tahanan. Ang usok ng kahoy ay ang pangunahing pinagmumulan ng polusyon sa hangin sa Bay Area sa taglamig at higit na nakakasama sa mga bata, matanda at mga taong may mga kondisyon sa paghinga.

Ang mga lalabag sa unang pagkakataon ay bibigyan ng opsyon na kumuha ng klase para magkaroon ng kaalaman tungkol sa usok ng kahoy, online o sa sulat, para malaman ang mga panganib ng polusyon mula sa usok ng kahoy kapalit ng pagbabayad ng \$100 na ticket. Ang pangalawang mga paglabag ay magreresulta sa \$500 na ticket, at ang mga halaga ng susunod na ticket ay mas mataas.

Dapat munang magtanong ang publiko bago sila magsunog sa panahon ng Winter Spare the Air, na magaganap mula Nobyembre 1 hanggang Pebrero 28. Makikita ang kalagayan ng araw-araw na pagsunog:

- **Sa pamamagitan ng mga BAGONG alert sa text! Para mag-sign up, i-text ang salitang “START” sa numerong 817-57**
- Sa mga website ng Distrito ng Hangin: www.baaqmd.gov o www.sparetheair.org
- Sa pamamagitan ng walang bayad na hotline na 1-877-4-NO-BURN (maaari ring magsampa ng mga reklamo sa pamamagitan ng hotline)
- Sa pamamagitan ng pag-sign up sa AirAlerts sa www.sparetheair.org o mga alert sa telepono sa 1-800-430-1515
- Sa pamamagitan ng Spare the Air na mga App sa iPhone at Android

Sa taglamig, ang usok ng kahoy mula sa 1.4 milyong tsiminea at mga kalan na gumagamit ng kahoy sa Bay Area ay ang nag-iisang pinakamalaking pinagmumulan ng polusyon sa hangin, na nag-aambag sa isang-ikatlo ng nakakasamang polusyon ng maliliit na bagay mula sa usok sa hangin. Ang isang nagsusunog na tsiminea ay maaaring magdulot ng polusyon sa buong lugar. Ang pagkakalantad sa usok ng kahoy—tulad ng usok ng sigarilyo—ay inugnay sa mga seryosong sakit sa paghinga at pati na rin sa nadagdagang panganib ng mga atake sa puso. Ang paglanghap ng maliliit na bagay mula sa usok ay dahilan para sa mahigit 90 porsiyento ng maagang pagkamatay na may kaugnayan sa polusyon sa hangin.

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin sa Bay Area](#) ay ang panlalawigang ahensiya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#). Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Spare the Air, pumunta sa www.sparetheair.org.

#

Opisina ng Distrito ng Hangin tungkol sa Mga Pakikipag-ugnayan
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Distrito ng Hangin](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)